Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA PAARALANG ELEMENTARYA NG CALLIOS NOONG IKA- 3 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad<br>nasa lakad opisyal |

## KAPASIYAHAN BLG. 174-T´2000

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 20-T´2000/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T´2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PALASAN NA INILILIPAT/ITINUTUGMA ANG MGA LAANG GUGULIN PARA SA MEDICAL ALLOWANCE (P4,232.21) AT SA KAGAMITAN AT MATERYALES (P4,587.79) NA MAY KABUUANG HALAGANG P8,820.00 TUNGO SA PAMBAYAD SA ELECTRIC BILL.**

**SAPAGKA´T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 20-T´2000/Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T´2000 ng Sangguniang Barangay ng Palasan na naglalayong makapaglipat/makapagtugma ng pondo ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA´T,** ang naturang paglilipat/pagtutugma ng pondo ay dumaan sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi;

**SAPAGKA´T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Palasan;

**KUNG KAYA´T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 20-T´2000/Kautusan sa Paglalaan Blg. 2-T´2000 ng Sangguniang Barangay ng Palasan na inililipat/itinutugma ang laang gugulin para sa Medical Allowance (P4,232.21) at sa Kagamitan at Materyales (P4,587.79) na may kabuuang halagang P8,820.00 tungo sa pambayad sa electric bill.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Mananangol at Sangguniang Barangay ng Palasan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 174-T'2000)



NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan